## Mga Utos ng Hukuman

Ang mga Pangtahanang Utos ay maaaring ibigay ng Hukuman ng Batas ng Pamilya para sa iyong proteksyon. Mga taong maaring mag-apply para sa mga utos:

- Mga mag-asawa o dating mag-asawa
- Mga mag-partner o dating mag-partner
- Mga taong may anak sa isa't-isa
- Mga taong nagde-date
- Kung mayroon kang anak na marahas na nasa sapat na gulang
- Dalawang magkamag-anak na magkasamang naninirahan sa isang hindi kontraktwal na relasyon

Pinipigilan ng isang Pangtahanang Utos ang isang nang-aabuso sa:

1. Paggamit o pagbabanta sa pagamit ng karahasan laban sa, o umaasal sa anumang paraan na maglalagay sa isang biktima o sa kanilang mga dependyente sa takot.
2. Pagmamasid o pagpunta sa bahay ng isang biktima o dependyente.
3. Pagsubaybay o pakikipag-ugnayan (kabilang ang pamamaraang elektroniko) sa isang biktima o dependyente.

## Mga Uri ng Kautusan ng Hukuman

*Kautusang ProteksyonTatagal hanggang sa desisyon ng Hukuman sa isang Kautusang Pangkaligtasan/ Pagbabawal.*
*Kautusang Pangkaligtasan Tumatagal ng hanggang 5 taon.*
*Kautusang Pagbabawal Tumatagal ng hanggang 3 taon - Ang mga Kautusang Pagbabawal ay may mga karagdagang kundisyon na ang isang nang-aabuso ay dapat umalis sa bahay kung sila ay nakatira kasama ng isang biktima at ipinagbabawal na pumasok sa bahay hanggang sa mawalan ng bisa ang order.*

Para sa karagdagang payo sa Mga Utos ng Hukuman

www.garda.ie



## Makipag-ugnayan sa iyong lokal na Istasyon ng Garda

**Upang mahanap ang iyong lokal na istasyon ng Garda mangyaring i-scan**

## Ibang mga Serbisyo ng Suporta

**Kung ikaw ay nakakaranas ng alinman sa mga pag-aasal na ito o nag-aalala tungkol sa ibang tao**

Mangyaring mag-scan para sa mga serbisyo ng suportang pambabae ayon sa county

**Women's Aid**
**1800 341 900**
24/7 Pambansang Linya ng Tulong magagamit sa mahigit 200 na wika

**Men's Development Network**
**1800 816 588**
**Lun & Miy:** 10am-6pm;
**Mar & Huw:** 12-8pm;
**Biy, Sab; Lin, Bank Hols:** 2-6pm

**Sentro ng Krisis sa Panggagahasa**
**1800 77 88 88**
24/7 Linya ng Tulong ng Krisis sa Panggagahasa magagamit sa mahigit na 200 wika

**Childline**
**1800 66 66 66**
24/7 Pambansang Linya ng Tulong para sa mga Bata


**Tulong para sa Kalalakihan**
**(01) 554 3811**
Pambansang Kumpidensyal na Linya ng Tulong
Lunes- Biyernes 9am-5pm

**Ligtas na Ireland**
**www.safeireland.ie**

**www.whatwouldyoudo.ie**

Pagpapanatiling Ligtas ang mga Tao

# PANG-AABUSO SA TAHANAN
AN GARDA SÍOCHÁNA



Hindi ka nag-iisa
Nandito kami para makinig.
Nandito kami para tumulong.

Para sa karagdagang impormasyon sa pang-aabuso sa tahanan, bisitahin ang garda.ie o i-scan ang QR code sa ibaba

Kung ikaw ay nangangailangan ng tulong o nasa agarang panganib o nangangailangan ng Gardaí, i-dial ang 999 o 112.

www.garda.ie

## Ano ang Pang-aabuso sa Tahanan?

Ang pagsuporta at pagprotekta sa mga biktima ng pang-aabuso sa tahanan ay isang priyoridad para sa An Garda Síochána.

Ang pang-aabuso sa tahanan ay may iba't ibang anyo; maaari itong pisikal, sekswal, emosyonal, sikolohikal, pinansyal o online/ digital na pang-aabuso.

Ito ay maaaring mangyari sa loob ng isang pamilya sa pagitan ng isang miyembro ng pamilya laban sa isa pa. Maaaring sangkot ang kasalukuyan o dating partner, anuman ang kasarian o sekswalidad. Maaring sangkot ang dalawang tao na wala pang 18 taong gulang na nagde-date.

Isa sa apat na kabababaihan at isa sa pitong kalalakihan ay mga biktima ng pang-aabuso sa tahanan.

## Nag-aalala ka ba tungkol sa isang kamag-anak/kaibigan o kasamahan?

| | |
|---|---|
| MAKINIG | MANIWALA |
| PAGPANATAG NG LOOB | SUPORTA |

*Kapag ang isang tao ay nagtapat sa iyo tungkol sa pang-aabuso sa tahanan, huwag baguhin ang pakitungo sa nang-aabuso, maaaring mailagay ang biktima sa mas malaking panganib*

## Ikaw ba ay nasa isang mapang-abusong relasyon?

- Natatakot ka ba sa partner mo? Tinatakot ka ba ng partner mo?
- Ang iyong partner ba ay madaling magalit, gumagamit ng karahasan o nagbabantang gumamit ng karahasan laban sa iyo o sa iyong mga anak?
- Nagbabanta ba ang iyong partner na papatayin ka kapag ikaw ay umalis?
- Ikaw ba ay minamaliit, pinapababa ang dignidad, ipinapahiya o iniinsulto ng partner mo?
- Pakiramdam mo ba ay nakahiwalay ka mula sa mga kaibigan at pamilya? Nagseselos ba ang iyong partner sa iyong mga kaibigan o sa iyong pakikipag-usap sa ibang tao?
- Kinokontrol ba ng iyong partner ang iyong pang-araw-araw na aktibidad, pananalapi o mga password, mga email/ social media account?
- Pinipilit ka bang makipagtalik ng iyong partner kapag ayaw mo? May mga sekswal na kahilingan ba ang iyong partner na hindi ka komportable?

## Mga tagapahiwatig ng pagtaas ng panganib

- Mapilit at mapagkontrol na pag-uugali
- Sumubaybay ng Palihim
- Pag-atake - pisikal o seksuwal
- Pananakal o pagsakal
- Mga armas na ginamit
- Pang-aabuso habang nagbubuntis
- Pagpatay ng alagang hayop o isang hayop
- Mga banta ng pagpapakamatay o pagbabanta na papatayin ang partner o mga anak
- Pag-alis ng biktima o naghahanda na umalis sa relasyon

## Kung ikaw ay nangangailangan ng tulong o nasa agarang panganib o nangangailangan ng Gardaí, i-dial ang 999 o 112.

## Mga Serbisyo ng Suporta

Kung ikaw ay nakakaranas ng alinman sa mga asal na ito o nag-aalala tungkol sa ibang tao, mayroong mga serbisyo ng suporta sa pang-aabuso sa tahanan para sa mga kalalakihan at kababaihan na magagamit sa buong bansa na maaaring tumulong sa pagpayo sa pagpaplano sa kaligtasan, magbigay ng suporta sa mga biktima at tumulong sa pag-aaplay para sa mga utos ng hukuman.

Kung ikaw ay isang lalaki o babae na nakakaranas ng pang-aabuso sa tahanan o sekswal na pang-aabuso, mayroong itinalagang app na tinatawag na Bright Sky App na nagbibigay ng impormasyon tungkol sa pang-aabuso sa tahanan at mga serbisyong suporta na magagamit sa buong bansa.



www.garda.ie